

Tashahhud : Pagkatapos ng pangalawang pagpapatirapa ipagpatuloy ang pagluhod, at bigkasin:

Ash hadu al lā ilāha illallāhu wahdahu lā sharīka lah, wa ash hadu anna Muhammadan ‘abduhu wa rasūlūh Allāhumma sallī ‘alā Muhammadin wa Āli Muhammad

Sumasaksi ako na walang ibang bathala maliban kay Allah, na bukod-tangi at walang mga katambal. Sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang alipin at Propeta. O Panginoon, pagpalain Mo nawa si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad.

Kung iyong isinasagawa ang dasal na *Fajr* (Madaling-Araw), pakilaktawan ang iba at magtungo sa bahaging pinamagatang **Pagtatapos**.

Kung iyong isinasagawa ang dasal na *Zuhr* (Tanghali), *‘Asr* (Afternoon), *Maghrib* (Dusk), o *‘Ishā* (Panggabi), ipagpatuloy sa pamamagitan ng pagtayo para sa ikatlong yunit habang binibigkas ang **Bihawillāhi....** ayon sa inilarawan sa katapusan ng bahaging **Unang Rak`ah**.

Ikatlong Rak`ah

At-Tasbihat al-Arba`ah : Pagkapos na makatayo ng mabuti, bigkasin ang *Sūrat al-Fātiha*, o di kaya ay ang *al-Tasbihat al-Arba`ah* ng 3 beses, tulad ng sumusunod:

Subhānallāhi wa`l hamdu lillāhi wa lā ilāha illallāhu wallāhu akbar

Ang kaluwalhatian ay sa Panginoon, at ang puri ay sa Panginoon; walang ibang bathala maliban sa Allah, at ang Allah ay Dakila

Isagawa ang *rukū`*, tumindig sa isang saglit at pagkatapos ay isagawa ang dalawang *sujūd*. Ito ay ganap na inilarawan sa bahaging **Unang Rak`ah**. Kung iyong isinasagawa ang dasal na *Maghrib* (Dapit-Hapon), bigkasin ang *Tashahhud* pagkatapos. Pagkatapos nito laktawan ang iba at magtungo sa **Pagtatapos**.

Kung iyong isinasagawa ang dasal na *Zuhr* (Tanghali), *‘Asr* (Hapon), or *‘Ishā* (Gabi), ipagpatuloy sa pamamagitan ng pagtayo para sa ika-apat na *rak`ah* habang binibigkas ang **Bihawillāhi....** ayon sa inilarawan sa katapusan ng bahaging **Unang Rak`ah**.

Ika-Apat na Rak`ah

Ito ay magkatulad sa ikatlong *rak`ah*. Pagkatapos ng pangalawang pagpapatirapa ipagpatuloy ang pag-upo, at bigkasin ang *Tashahhud*.

Pagtatapos

Pagkatapos bigkasin ang *Tashahhud* ng huling *rak`ah*, bigkasin ang **Taslim** (*Pagbati*) na magbubuo na iyong dasal:

Assalāmu ‘alayka ayyuhan nabīyyu wa rahmatullāhi wa barakātuh Assalāmu ‘alaynā wa ‘alā ‘ibādillāhīs sālihīn Assalāmu ‘alaykum wa rahmatullāhi wa barakātuh

Sumaiyo nawa, O Propeta, ang kapayapaan, habag at pagpala ng Panginoon. Suma atin at mga tapat na alipin ng Panginoon nawa ang kapayapaan. Sumainyo nawang [lahat] ang kapayapaan, habag at pagpala ng Panginoon.

Pagkatapos (opsiyonal na) bigkasin ang *Takbīr* tatlong beses.

Para sa karagdagang kalaman hinggil sa mga aspetong rituwal at esprituwal ng mga Araw-Araw na Pagdarasal, dumalaw sa:

<http://al-islam.org/faq/>

v1.0

“... subalit kung kayo ay ligtas sa panganib, isagawa ang Palagiang Pagdarasal: Dahil ang mga Dasal na ito ay ipinag-uutos sa mga naniniwala sa natatakdang mga oras.”
(Qur’an: Kabanata 4, Bersikulo 103)

Paano Isinasagawa ang mga Araw-Araw na Pagdarasal

Ubligado ang pagsagawa ng mga sumusunod na dasal limang beses araw-araw sa natatanging mga oras:

- ❑ *Salāt al-Fajr* (**Madaling araw** na dasal), na binubuo ng dalawang yunit (bawat yunit ng dasal ay tinatawag na *rak`ah*)
- ❑ *Salāt al-Zuhr* (**Tanghaling** dasal) na may apat na yunit
- ❑ *Salāt al-‘Asr* (**Panghapong** dasal) na may apat na yunit
- ❑ *Salāt al-Maghrib* (**Dapit-Hapong** dasal) na may tatlong yunit
- ❑ *Salāt al-‘Ishā* (**Panggabing** dasal) na may apat na yunit.

Ayon sa pangkat Shī`ah Ja`fari ng kaisipang Islamiko, napapaloob sa araw-araw na pagdarasal ang pagsasagawa ng itinatakdang hakbang nang nasa ayos (*tartīb*) at maayos ang pagkakasunod-sunod nang walang labis na pagkakaantala sa pagitan ng mga ito (*muwālat*). Dapat na isagawa muna ng tao ang panimulang paglilinis (*ghusl*, kung kinakailangan, o *wudhū*) at ganapin ang iba pang mga pangunang kailangan.

Paghahanda

Tumindig ng mabuti habang nakaharap sa *Qiblah* (direksiyon ng Mekka) at bigkasin ang *adhān* at *iqāmah*. Pakipuna na lahat ng mga binibigkas sa dasal ay nararapat na sa Arabe. Bagaman ang mga sumusunod ay halos katumbas na transliterasyon para sa bawat binibigkas, pinakamainan na pagsikapang matutunan ang Arabeng letra at mga pagbigkas.

Niyah : Buuin sa isipan ang sumusunod na kapita-pitagang hangad: “**Isinasagawa ko ang ____ (pangalan ng tanging dasal) dasal na ito, na may ____ (dami ng yunit) rak`ah na may hangaring mapalapit sa Panginoon**”.

Unang Rak`ah

Takbiratul Ibrām : Itaas ang dalawang kamay hanggang tainga at sabihin:

Allāhu akbar

Ang Panginoon ay Dakila

Ang pangungusap na ito, ang **Takbir**, ay maraming beses na mauulit sa loob ng dasal.

Qiyām : Manatiling nakatayo habang isinasagawa ang mga binibigkas sa susunod na hakbang, ang *Qirā`ah*.

Qirā`ah : Sa una, bigkasin ang unang Kabanata ng Banal na Qur`an, ang *Sūrat al-Fātiha*

Bismillāhi`r-Rahmāni`r-Rahīm

Al-hamdu lillāhi rabbil-`alamīn

Arrahmānir rahīm

Māliki yawmid-dīn

Iyyāka na`budu wa iyyāka nasta`in

Ihdinas-sirāt al-mustaqīm

sirāt al-ladhīna an `amta `alayhim

ghayril maghdūbi `alayhim

wa la`d-dāllīn

Sa Ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

Ang lahat ng puri ay sa Allah, ang Panginoon ng sandaigdigan, ang Mapagpala, ang Mahabagin, Ang Hari ng Araw ng Paghuhukom;

Ikaw lamang ang aming sinasamba, at Ikaw lamang ang hinihingan naming ng tulong.

Patnubayan Mo kami sa wastong landas, ang landas ng mga Iyong pinagpala, at hindi ng nakatamo ng [Iyong] Poot, o ng mga naligaw sa wastong landas.

Pangalawa, basahin ang isa pang kompletong Kabanata ng Banal na Qur`an (pinili natin ang maikling kabanatang ika-112, ang *Sūrat al-Ikhlās*).

Bismillāhi`r-Rahmāni`r-Rahīm

Qul huwallāhu ahad

Allāhus samad

Lam yalid walam yūlad

Wa lam yakullāhu kufuwan ahad.

Sa Ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

Sabihin: `Siya ang Allah, ang Nag-iisa,

Ang Panginoong Walang-Hanggan,

Hindi Siya Nanganganap at hindi ipinanganak, at wala Siyang kahambing.

Rukū` : Pagkatapos basahin ang pangalawang kabanata, nararapat na bigkasin ng nananampalataya ang *Takbīr* (tingnan sa itaas) at yumuko hanggang sa ang mga kamay ay aabot sa mga tuhod. Ang sumusunod na *dhikr* (pagluwalhati) ay nararapat na mabigkas isang beses sa posisyong ito:

Subhāna rabbiy al-`azīmi wa bihamdih

Ang Kaluwalhatian ay sa aking Panginoon, ang Dakila, at ang puri ay sa Kanya



Muling tumindig at bigkasin:

Sami`allāhu liman hamidah

Naririnig ng Panginoon ang sinumang pumupuri sa Kanya

Bigkasin ang *Takbīr*, pagkatapos ay isagawa ang Pagpatirapa (*sujūd*).

Sujūd ay nangangahulugan na nararapat na ilagay ng tao ang kanyang noo sa lupa sa natatanging paraan, na may layuning pangungumbaba sa Panginoon.



Habang isinasagawa ang *sujūd*, nararapat na ang dalawang mga palad at tuhod, at ang dalawang mga malaking daliri ng paa ay nakalatag sa lupa. Ang sumusunod na *dhikr* ay nararapat na mabasa sa *sujūd* ng isang beses:

Subhāna rabbiy al-`alā wa bihamdih

Ang Kaluwalhatian ay sa aking Panginoong Marangal, at ang puri ay sa Kanya



Pagkatapos ng unang *sujūd*, iangat ang noo at umupo nang paluhod habang ang bukungbukong ng kanang paa ay nasa talampakan ng kaliwang paa at ang mga kamay ay nakalagay sa ibabaw ng mga hita at bigkasin ang *Takbīr*, at opsyonal na susundan ng:

Astaghfirullāha rabbi wa atūbu ilayh

Humihingi ako ng kapatawaran sa Allah, ang aking Panginoon, at bumabaling ako tungo sa Kanya

At susundan uli ng *Takbīr*. Ulitin uli ang *sujud* at umupo nang paluhod at bigkasin ang *Takbīr*.

Umupo ng isang saglit at muling tumindig habang (opsiyonal) na sabihin:

Bihawillāhi wa quwwatihi aqūmu wa aq`ud

Sa pamamagitan ng tulong at kapangyarihan ng Panginoon ako ay tumatayo at umuupo

Pangalawang Rak`ah

Pagkatapos makatindig nang matuwid, basahin ang *Sūrat al-Fātiha* at isa pang *Sūrah* ng Banal na Qur`an tulad ng sa unang *rak`ah*. Pagkatapos bigkasin ang *Takbīr*, at isagawa ang *Qunūt*.

Qunūt : Panatilihin ang iyong mga kamay sa harap ng iyong mukha habang ang mga palad ay nasa ibabaw, at panatilihin magkakalapit ang mga kamay at daliri. Basahin ang mga sumusunod:

Rabbanā ātinā fi`d-dunyā hasanatan wa fi`l-ākhirati hasanatan wa qinā`adhāb an-nār

O aming Panginoon! Ipagkaloob Mo nawa sa amin ang mabuti dito sa mundo at sa kabilang buhay, at iligtas nawa kami sa kaparusahan sa impiyerno
[Qur`an, kabanata 2, bersikulo 201]

[Paalaala: Ang *Qunūt* ay isang opsyonal na bahagi ng pagdarasal]

Bigkasin ang *Takbīr*, pagkatapos isagawa ang *rukū`*, at ang dalawang *sujūd*, tulad ng inilarawan sa unang *rak`ah*.

